



## Australian Government

### Maling impormasyon at mga katotohanan tungkol sa Coronavirus (COVID-19)

**MALI:** Maaari mong gamutin ang coronavirus ng mga antibiyotiko o gamot laban sa malarya

**TAMA:** Wala pang bakuna o gamot para sa coronavirus.

Ang mga mananaliksik sa buong mundo ay nagsisikap na makabuo ng isang bakuna para sa virus ngunit hindi pa natin alam kung gaano katagal ito magagawa. Tinataya na magagawa ito sa pagitan ng 12 o 18 buwan.

Pinag-aaralan din ng mga mananaliksik ang paggamit ng iba't ibang gamot na maaaring makatulong sa paggamot ng coronavirus kabilang ang mga gamot sa arthritis, malarya at HIV. Hindi magagamot ng mga ito ang coronavirus ngunit maaaring mabawasan ang bilang ng mga tao na mahahawahan ng virus at maging ang kalubhaan ng mga kaso.

Samakatuwid, mahalagang huwag maghintay ng bakuna o paggamot para sa coronavirus – at kaya naman napakaraming mga hakbang sa pampublikong kalusugan ang ipinatutupad ng Australya.

**MALI:** Ang mga bata ang 'sobrang tagapagkalat' ng coronavirus

**TAMA:** Habang ang mga bata ay kadalasang kilala bilang mga 'sobrang tagapagkalat' ng mikrobyo at bug, tiyak nga na sila ay ganito sa mga trangkaso, pero tila hindi sila ganito sa kaso ng coronavirus. Sa ngayon ay hindi pa naman sila ganito. Wala pang datos saanman sa mundo na nagpapakita na ang pangunahing pagkalat ng virus na ito ay nangyari sa mga bata. Hindi natin sinasabing hindi ito mangyayari. Ito ay posible. Ngunit ang ebidensiya lamang ay nagpapakita na hindi sila mga 'sobrang tagapagkalat' ng coronavirus.

**MALI:** Hindi makakuha ng sapat na medikal na kagamitan at mga suplay ang Australya (mga ventilator, mask, testing kit)

**TAMA:** Ang simpleng mensahe sa mga pasyente at, napakahalaga, ay ang mga manggagawa sa kalusugan (health workers) na tumitingin sa kanila, ay – oo, ang Australya ay may sapat na kagamitan upang labanan ang pandemiya na ito. Gayunpaman, mayroong kagipitan sa lahat ng mga suplay na kaugnay sa pag-test dahil sa pandaigdigang kahilingan (demand) na lumampas sa suplay at kapasidad ng produksyon.

Ang mga kawani ay makasisiguro na tayo ay laging hinahatiran ng mga personal na kagamitang pamproteksyon (personal protective equipment), na nangangahulugan naman na ang mga pasyente ay makakakuha ng pinakamahusay na posibleng pangangalaga. Halimbawa, ang National Medical Stockpile ay mayroong mahigit sa 10,000,000 na mask. Ang Pamahalaang Australya ay patuloy na nagtatrabaho upang makakuha ng karagdagang mga mask upang matiyak na ang National Medical Stockpile ay nananatiling may sapat na imbak, at ang Australya Factsheet – Misinformation and truths about coronavirus – Tagalog

ay may sapat na personal na kagamitang pamproteksyon upang suportahan ang ating mga medikal na propesyonal habang patuloy pa rin ang pandemiya. Kabilang dito ang pagpapalakas ng kakayahan at kapasidad ng domestikong pagmamanupaktura.

Kadalasan ay may 2,200 na mga ventilated hospital bed sa Australya. Sa pamamagitan ng pag-aakma (repurposing) ng mga anaesthetic machine at iba pang mga kagamitan nitong nakalipas na anim na linggo, kami ngayon ay may 4,400 na mga ventilated hospital bed, at nagsisikap kaming gawin pa itong 7,500. Sa simula ng Abril, ang bilang ng mga pasyente na may coronavirus sa mga intensive care unit na nangangailangan ng ventilator ay 20.

Ang Communicable Diseases Network Australia ay nagpupulong araw-araw upang tasahing muli ang mga patnubay nito para sa mga kakailanganin sa pag-test, upang sa gayon ay mga mahahalagang pag-test lamang ang isasagawa.

## **MALI:** Hindi makakayanan ng mga ospital sa Australya ang tumaas na kahilingan (demand) dahil sa coronavirus

**TAMA:** Ang mga pampubliko at pribadong ospital sa Australya ay nagsanib ng pwersa upang labanan ang coronavirus. Ang makasaysayang pagtutuwang sa pagitan ng Pamahalaan ng Australya, ang mga pamahalaang estado at teritoryo, at ng sektor ng pribadong ospital ay maglalaan ng karagdagang 34,000 na kama at 105,000 na medikal na kawani sa buong bansa upang labanan ang coronavirus.

Ang pribadong sektor ay magbibigay ng mga serbisyong pang-ospital sa mga pampublikong pasyente, magpapaubaya ng kanilang mga kagamitan, kama, suplay at mga kawani upang makatulong sa pampublikong sistema.

Patuloy din nilang susuportahan ang mga pangangailangan ng mga kalahok sa National Disability Insurance Scheme na magtatagal sa pampublikong ospital, at mga pasyente sa pasilidad ng matatanda at ang pangkalahatang pangangailangan ng mga pasyente.

Ang pagtutuwang ay magsisiguro na ang lahat ng mapagkukunan ng world-class na sistema ng kalusugan ng Australya ay handa at nakatutok sa paggamot ng mga pasyente gaya ng kinakailangan sa isang pandemiya.

## **MALI:** Ang dalawang linggong lockdown ay pipigil sa pagkalat ng coronavirus

**TAMA** Ang pagpapataw ng mga paghihigpit para sa dalawa o tatlong linggo at pagkatapos ay tatanggalin ito at babalik sa ating normal na buhay ay hindi pipigil sa pagkalat ng coronavirus.

Ang panganib ng dalawang linggong lockdown lamang ay ang pagbabalik muli ng coronavirus, na marahil ay mas agresibo pa kaysa dati.

May ilang mga tao ang nagtatanong kung bakit hindi kami nagpataw ang blanket lockdown tulad ng ginawa ng ibang mga bansa. Ang sagot dito ay, hindi tulad ng mga bansang gaya ng Italya, Espanya at Iran, at mga lungsod na gaya ng Wuhan sa Tsina, kung saan nagsimula ang pagkalat, tayo ay nakapaghandang bago ang pagkalat.

Sa sandaling natanto ng mga eksperto sa kalusugan sa mga bansang ito kung ano ang nangyayari, ang coronavirus ay hindi na maawat at parang apoy na kumakalat na. Ito ang dahilan kung bakit ang mga ospital sa mga bansang ito ay nahihirapang kayanin ang mga taong may malubhang anyo ng sakit.

Ang ating mga eksperto sa kalusugan ay patuloy na susubaybayan ang bilang ng mga bagong kaso araw-araw sa Australya at ang mga lugar kung saan may pagkalat na nagaganap.

Pagkatapos ay gagawa sila ng mga rekomendasyon batay sa ebidensiya kung anumang mga bagong patakaran o paghihigpit ang kailangang ipatupad. Bawat isa ay dapat manatiling maalam sa mga kasalukuyang paghihigpit sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.australia.gov.au](http://www.australia.gov.au).

### **MALI:** Ang pag-test sa lahat ay pipigil sa pagkalat ng coronavirus

**TAMA:** Ang pag-test ay hindi pipigil sa pagkalat ng virus.

Tulad ng anumang virus, ang COVID-19 ay lumilipat mula sa isang tao papunta sa isa pa. Tanging ang social distancing lamang sa lahat ng oras, at pag-kwarantena sa bahay kung ikaw ay may sakit ang makapigil sa pagkalat ng virus.

Ang pag-test upang kumpirmahin kung ang isang tao ay may mga sintomas ng COVID-19 ay tumutulong sa amin upang masubaybayan (track) ang pagkalat ng sakit at mabawasan ang pagkahawa. Kung alam namin na may isang tao na mayroon nito, maaari niyang ibukod ang kanyang sarili at masusubaybayan (track) namin kung sinu-sino ang nakasalamuha ng taong ito at sa gayon ay mabawasan ang panganib ng patuloy na paghawa.

Gayunman, ang pagiging negatibo sa test sa COVID-19 ay hindi nangangahulugan na ikaw ay hindi isang panganib sa iyong sarili o sa iba. Maaaring negatibo ang test mo sa COVID-19 matapos kang malantad ngunit maaaring nangyari ang test bago ka nagkaroon ng mga sintomas. Maaari kang negatibo sa test isang araw, at mahawahan ng COVID-19 sa susunod na araw. Kaya napakahalaga na isagawa ang tamang kalinisan at social distancing, at manatili sa bahay maliban kung para sa mga kailangang-kailangan. Ito ay makapigil sa pagkalat hindi lamang ng COVID-19 kundi ng iba pang mga sakit, at mababawasan nito ang mga kahilingan (demand) sa ating mga serbisyo sa kalusugan.

### **MALI:** Ang mga testing kit ay hindi saktong

**TAMA:** Ang kasalukuyang pag-test sa COVID-19 ay gumagamit ng tinatawag na nucleic acid amplification (Polymerase chain reaction (PCR)), na napakasaktong. Ang pag-test ay nangangailangan ng isang propesyonal sa kalusugan na kukuha ng isang swab specimen mula sa lalamunan at ilong ng isang tao. Sa kasalukuyan, ang lahat ng mga component ng pag-test ay minanupaktura sa ibang bansa, karamihan sa Europa at Asya. Habang maraming mga suplayer ng mga testing component at mga laboratoryo sa kalakhan at sa loob ng mga estado at teritoryo ang gumagamit ng iba't ibang mga component, ang mahalaga ay gumagamit silang lahat ng pare-parehong mga pamamaraan ng pag-test. May kagipitan sa lahat ng mga suplay na kaugnay ng pag-test dahil ang pandaigdigang kahilingan (demand) ay lumampas na sa suplay at kapasidad ng produksyon. Ang point of care antibody na pag-test ay hindi saktong para sa diyagnosis at kaya naman hindi inirerekomenda para sa layuning ganito.

Ang Pamahalaang Australya ay malapit na nakikipagtulungan sa mga laboratoryo sa pamamagitan ng Public Health Laboratory Network at sa mga suplayer upang makakuha ng mga suplay at makahanap ng potensyal na mga solusyon sa alternatibong suplay upang matiyak na mapapanatili ng Australya ang kapasidad at kakayahan nitong mag-test para sa coronavirus.

*I-access ang website na ito nang madalas upang manatiling may kaalaman tungkol sa mga mahahalagang pagbabago (developments) sa tugon ng Pamahalaang Australya sa COVID-19.*

*Ang [SBS](http://www.sbs.com.au) ay mayroon ding hanay ng mga impormasyon tungkol sa COVID-19 sa iyong wika. Maaari ka ring gumamit ng mga mobile phone app at mga browser extension upang isalin ang impormasyon ng pamahalaan. Humanap ng isang naaakma sa iyong mga pangangailangan.*

*Upang ma-access ang karagdagang impormasyon sa Ingles, bisitahin ang [www.australia.gov.au](http://www.australia.gov.au).*